



MGA SOLUSYON SA PAGBOTO PARA SA LAHAT NG MGA TAO

PAGIGING MAGAGAMIT

Disenyong nakasentro sa mga tao kung saan ang pagboto ay ginagawang madali, mauunawaan ng gumagamit at magagamit ng lahat.

Ang bagong karanasan sa pagboto sa County ng Los Angeles ay dinisenyo upang mas madaling gamitin at magamit ng lahat ng botante. Dahil sa mga modernong pagbabago, mabibigyan ang lahat ng botante, ano pa man ang kanilang edad, karanasan, kapansanan o wika, ng isang pribado at independiyenteng karanasan sa pagboto na madali at maginhawa.

■ MGA NAKAKAANGKOP NA OPSYON



Magkakaroon ng kakayahan ang mga botante na bumoto sa alinmang sentro ng pagboto sa kabuuan ng County sa loob ng panahon ng halalan na hanggang 11 araw. Ganap na magagamit ang lahat ng kagamitan sa pagboto sa mga sentro ng pagboto.

■ INTERACTIVE NA HALIMBAWANG BALOTA (ISB)



Ang ISB ay isang maginhawang opsyon para sa mga botante na gustong paunang markahan ang kanilang mga pinili sa tahanan, gamit ang isang personal na kagamitan sa mga gusto nilang kasangkapan. Ang ISB ay gagawa ng Pass ng Botohan - tulad ng isang boarding pass sa eroplano. Sa sentro ng pagboto, mai-scan ng mga botante ang Pass ng Botohan upang mailipat sa BMD ang kanilang mga pinili. Pagkatapos, maaari nilang repasuhin at palitan ang kanilang mga boto bago ipatala ang kanilang balota.

■ KAGAMITANG PANGMARKA NG BALOTA (BMD)




Ginagawang madali ng BMD para sa mga botante na iangkop ang kanilang karanasan sa pagboto upang tumugma sa kanilang mga pangangailangan. Maaaring isaayos ng mga botante ang mga pagtatakda sa BMD kasama na ang kaibahan ng interface ng gumagamit, laki ng teksto, anggulo ng screen, at lakas at bilis ng audio.

Ginagawang madali ng apat na moda ng interface ng gumagamit para sa lahat ng botante na bumoto nang pribado at independiyente.



Pindutin

Makipag-ugnayan sa touchscreen




Pindutin + Audio

Makipag-ugnayan sa touchscreen at pakinggan ang mga tagubilin na audio sa pamamagitan ng mga headphone



Kontroler + Audio

Makipag-ugnayan sa sinasalat na kontroler na may mga tatak ng braille at naiaangkop na kurdon at pakinggan ang mga tagubilin na audio sa pamamagitan ng mga headphone



A/B o Dual Switch Port

Makipag-ugnayan sa sarili mong personal na kagamitan. Gamit ang magagamit na port para sa mga kagamitang may pantulong na teknolohiya, tingnan ang mga pakikipag-ugnayan sa screen at pakinggan ang mga tagubilin audio sa pamamagitan ng mga headphone

